

G A B A Y N A M G A S I M U L A I N
U K O L S A P A G L I K A S S A
L O O B N G B A N S A

Paunang Salita

Aming inilimbag sa wikang Filipino ang dokumentong “Guiding Principles on Internal Displacement” na unang kinilala ng mga Bansang Nagkakaisa noong 1998, dahil ito ang nagpasimula ng isang napakamahalagang hakbang sa pagtatanggol at pangangalaga sa mga karapatan ng mga lumikas na tao sa buong daigdig.

Ang karapatang mapangalagaan laban sa sapilitan at, o di-makatwirang paglikas, tumanggap ng makataong-tulong, mapangalagaan sa panahon ng paglikas at ng pagbabalik nang ligtas sa sariling tahanan o makalipat, ay mga mahahalagang karapatang pantao na dapat igalang upang maipamandila at mapatingkad ang karangalan ng mga lumikas.

Sa Pilipinas, ang mga penomena ng paglikas sa loob ng bansa at ng kaakibat nitong pagdurusa at paglabag, pagpapabaya at pagkakait sa mga batayang karapatang-pantao ng mga biktima—sibil, politikal, pangkabuhayan, sosyal at kultural—ang nagbibigay ng isang kagyat na dahilan upang ito ay mabilisang tugunan.

Ang pagsasalang ito sa wikang Filipino ay isang pinagsamang hakbang ng *Ecumenical Commission for Displaced Families and Communities (ECDFC)*, *United Nations Information Center (UNIC)* at *United Nations High Commissioner for Refugees (UNHCR)* upang maabot ang pinakamaraming mamamayang Pilipino, sila man ay tuwiran o di-tuwirang sangkot sa mga penomena ng paglikas sa loob ng bansa (mga lider ng pamahalaan, mambabatas, mga partidong kalahok sa mga armadong tunggalian at mga panghihimasok sa lupa, at di-pampamahalaang mga organisasyon). Sana tayong lahat ay matuto at makinabang sa dokumentong ito.

Ecumenical Commission for Displaced Families and Communities (ECDFC)
United Nations Information Center
(UNIC)
United Nations High Commissioner for Refugees
(UNHCR)

Sa pagtugon sa isang kahilingan ng Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng mga Bansang Nagkakaisa na magbuo ng isang angkop na pamantayang balangkas para sa pangagalaga at pagtulong sa mga lumikas sa loob ng bansa, ang Kinatawan ng Pangkalahatang Kalihim ukol sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa, ay inihanda ang Gabay na mga Simulain na ito para sa paglikas sa loob ng bansa sa pakikipagtulungan sa mga legal na dalubhasa ng daigdig at sa pakikipagsanggunian sa mga ahensya ng mga Bansang Nagkakaisa at iba pang mga organisasyon, pandaigdig at rehiyonal, pampamahalaan o di-pampamahalaan. Ang Gabay na mga Simulain ay isinumite ng Kinatawan sa Komisyon ng mga Karapatang Pantao sa ika-limampu at apat na pagpupulong nito.

(UN Document E/CN.4/1998/53/Add..2)

PAMBUNGAD - LAWAK AT LAYUNIN

1. Ang gabay na mga simulain na ito ay pumapansin sa tiyak na mga pangangailangan ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa (internally displaced persons) sa buong daigdig. Kinikilala nito ang mga karapatan at kasiguruhang kaugnay sa pangangalaga ng mga tao laban sa sapilitang paglikas at pangangalaga sa kanila at sa pagtanggap nila ng tulong sa panahon ng paglikas at ganoon din sa panahon ng pagbalik o paglipat at muling pakikisalamuha.

2. Para sa layunin ng mga simulain na ito, ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay ang mga tao o pangkat ng mga tao na napilitan o sumang-ayon na umalis o iwanan ang kanilang mga tahanan o lugar ng palagiang tirahan, bunga ng o' upang umiwas sa mga epekto ng armadong tunggalian, mga kalagayan ng pangkalahatang kaguluhan, mga paglabag sa mga karapatang pantao o likas o likha ng taong mga sakuna, at sila ay hindi tumawid sa isang kinikilalang pandaigdig na hangganan ng isang Estado.

3. Ang mga simulain na ito ay sumasalamin at umaayon sa pandaigdig na batas ng karapatang pantao at pandaigdig na makataong batas. Gumagabay ito sa:

(a) Kinatawan ng Pangkalahatang Kalihim ukol sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa sa pagtupad ng kanyang tungkulin;

(b) Mga Estado kapag humaharap sa mga penomena ng paglikas sa loob ng bansa.

(c) Lahat ng ibang mga awtoridad, pangkat at tao sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa; at sa

(d) Pampamahalaan at di-pampamahalaang mga organisasyon habang tumutugon sa paglikas ng mga tao sa loob ng bansa.

4. Ang gabay na mga simulain na ito ay dapat ipalaganap at isagawa nang malawakan.

SEKSYON I - PANGKALAHATANG MGA SIMULAIN

-Simulain 1-

1. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat magtamasa, nang may kapantayan, ng parehong mga karapatan at kalayaan sa ilalim ng pandaigdig at lokal na batas tulad ng ibang mga tao sa kanilang bansa. Sila ay hindi dapat itangi mula sa pagtatamasa ng anumang mga karapatan at kalayaan nang dahil sa kanilang pagiging likas sa loob ng bansa.

2. Ang mga simulain na ito ay walang paghusga sa indibidwal na pananagutang kriminal sa ilalim ng pandaigdig na batas, lalo na kaugnay sa pagpuksa ng lahi, mga krimen laban sa sangkatauhan at mga krimen ng digma.

-Simulain 2-

1. Ang mga simulain na ito ay dapat sundin ng lahat ng mga awtoridad, pangkat at tao anuman ang kanilang legal na katayuan at isagawa nang walang mapang-away na pagtatangi. Ang pagpapatupad ng mga simulain na ito ay hindi dapat makaapekto sa legal na katayuan ng sinumang mga awtoridad, pangkat o' taong sangkot.

2. Ang mga simulain na ito ay hindi dapat unawain na pumipigil, bumabago o nagpapahina sa mga probisyon ng alinmang pandaigdig na mga karapatan ng tao o pandaigdig na instrumento ng makataong batas o' mga karapatang ibinigay sa mga tao sa ilalim ng lokal na batas. Sa partikular, ang mga simulain na ito ay walang paghusga sa karapatang humingi at magtamasa ng pagpapakupkop sa ibang mga bansa.

-Simulain 3-

1. Ang mga pambansang awtoridad ay may pangunahing tungkulin at responsibilidad na magbigay ng pangangalaga at makataong tulong sa mga lumikas na tao sa loob ng kanilang nasasakupan.

2. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay may karapatang humingi at tumanggap ng pangangalaga at makataong tulong mula sa mga awtoridad. Hindi sila dapat tugisin o' parusahan dahil sa ganitong paghingi.

-Simulain 4-

1. Ang mga simulain na ito ay dapat isagawa nang walang anumang pagtatangi tulad ng lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon o paniniwala, pampulitikang kuro-kuro at iba pa, pambansa, katutubo o' panlipunang pinagmulan, legal o panlipunang katayuan, edad, kapansanan, ari-arian, kapanganakan, o iba pang katulad na sukatan.

2. Ang ilang mga lumikas na tao sa loob ng bansa, tulad ng mga bata, lalo na ang mga walang kasamang bata, mga buntis na nanay, mga ina na may maliliit na anak, mga babaing puno ng tahanan, mga taong may kapansanan at matatanda, ay dapat makatanggap ng pangangalaga at tulong na itinakda ng kanilang kalagayan at sa pagkalinga na nagsasaalang-alang sa kanilang natatanging mga pangangailangan.

SEKSYON II – MGA SIMULAIN KAUGNAY NG PANGANGALAGA LABAN SA PAGLIKAS

-Simulain 5-

Lahat ng mga awtoridad at pandaigdig na taga-gampan ay dapat igalang at tiyakin ang paggalang sa kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng pandaigdig na batas, kasama ang batas ng mga karapatan ng tao at makataong batas, sa lahat ng pagkakataon, upang mapigilan at maiwasan ang mga kalagayan na maaaring tumungo sa paglikas ng mga tao.

-Simulain 6-

1. Ang bawat tao'y may karapatang mapangalagaan laban sa di-makatwirang pagpapalikas mula sa kanyang tahanan o lugar ng palagiang tirahan.
2. Kabilang sa pagbabawal ng di-makatwirang pagpapalikas ay ang mga sumusunod:
 - (a) Kung ito ay nakabatay sa mga patakaran ng makalahing paghiwa-hiwalay (apartheid), katutubong paglilinis (ethnic cleansing), o katulad na mga gawaing naglalayon sa o' nagbubunga sa pagbabago ng katutubo, panrelihiyoso o panlahing kaayusan ng apektadong pamayanan;
 - (b) Sa mga kalagayan ng armadong tunggalian, liban kung sangkot ang kaligtasan ng mga sibilyan o hinihingi ng kagyat na kadahilanang militar;
 - (c) Sa mga kaso ng malakihang mga proyektong pangkaunlaran na hindi binibigyang katwiran ng mga pangunahing kapakanang pambayan;
 - (d) Sa mga kaso ng kalamidad, liban kung ang kaligtasan at kalusugan ng mga apektado ay nangangailangan ng paglikas; at
 - (e) Kung ito ay ginagamit bilang isang sama-samang pagpaparusa.
3. Ang paglikas ay hindi dapat tumagal nang higit sa itinakda ng mga kalagayan.

-Simulain 7-

1. Bago ang anumang desisyon na nag-aatas sa paglikas ng mga tao, titiyakin ng mga kinaukulang mga awtoridad na ang lahat ng iba pang pamimilian ay napag-aralan upang lubos na maiwasan ang paglikas. Kung wala nang ibang pamimilian, lahat na paraan ay dapat gawin upang mabawasan ang paglikas at ang kanyang masamang bunga.
2. Titiyakin ng mga awtoridad na nangangasiwa ng isang paglikas na naibibigay sa mga lumikas ang isang nararapat na pagkalinga, na ang ganitong paglikas ay isinagawa sa isang mahusay na kalagayan ng kaligtasan, nutrisyon, kalusugan at kalinisan, at ang mga kasapi ng isang pamilya ay hindi napaghihiwalay.
3. Kung ang paglikas ay sumulpot sa mga kalagayang liban sa panahon ng kagipitang yugto ng armadong tunggalian at kalamidad, dapat sundin ang mga sumusunod na kasiguruhan:
 - (a) Isang tiyak na pasiya ang dapat gawin ng isang awtoridad ng Estado na binigyang kapangyarihan ng batas na mag-utos ng ganitong mga batas;
 - (b) Sapat na mga pamamaraan ang dapat isagawa upang siguruhin sa mga mapapalikas ang lahat ng impormasyon ng mga kadahilanan at pamamaraan ng kanilang paglikas at kung maaari ay sa bayad-pinsala at relokasyon.
 - (c) Dapat hingin ang malaya at napa-abisuhang pagsang-ayon ng mga palilikasin;
 - (d) Ang kinaukulang mga awtoridad ay dapat subukang palahukin ang mga apektado, lalo na ang mga kababaihan, sa pagplano at pamamahala ng kanilang relokasyon;

(e) Ang pagpapatupad ng mga batas, kung kinakailangan, ay dapat isagawa ng may kakayanang awtoridad sa batas, at

(f) Ang karapatan sa isang mabisang kalutasan, kasama ang pagrepaso ng anumang desisyon ng nararapat na awtoridad ng hudikatura, ay dapat igoalang.

-Simulain 8-

Ang paglikas ay hindi dapat isagawa sa isang paraang lumalabag sa mga karapatan ng buhay, karangalan, kalayaan at kaligtasan ng mga apektado.

-Simulain 9-

Ang mga Estado ay nasa ilalim ng isang tiyak na responsibilidad na mangalaga laban sa paglikas ng mga katutubong mamamayan, mga minorya, mga magsasaka, mga nagpapastol at iba pang mga pangkat na may natatanging pagsalig at paglingap sa lupa.

**SEKSYON 3 – MGA SIMULAIN KAUGNAY SA
PANGANGALAGA SA PANAHOON NG PAGLIKAS**

-Simulain 10-

1. Ang bawat tao'y may aking karapatang mabuhay na dapat pangalagaan ng batas. Walang sinuman ang maaaring walang-pakundangang kitlin ang buhay. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat pangalagaan laban sa mga sumusunod:

(a) Paglipol ng lahi;

(b) Pagpaslang;

(c) Walang pakundangang pagpatay; at

(d) Mga sapilitang pagkawala, kasama ang pagdukot o' ang hindi pinaalam na pagpigil, na nagbabanta sa buhay o humahantong sa kamatayan.

Ang mga pagbabanta at pag-uudyok upang gumawa ng alinman sa nasabing mga gawain ay ipinagbabawal.

1. Ang mga pagsalakay o' anumang anyo ng karahasan laban sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa na hindi na sumasama sa labanan ay ipinagbabawal sa lahat ng pagkakataon. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat ipagsangalang, lalo na, laban sa:

(a) Tuwiran o walang pakundangang pagsalakay o anumang anyo ng karahasan, kasama ang paglikha ng mga lugar kung saan ang mga pagsalakay sa mga mamamayan ay pinahihintulutan;

(b) Paggutom bilang paraan ng pakikilaban;

(c) Paggamit sa kanila upang itago ang mga layuning militar laban sa pagsalakay o' itago, ayudahan o pabagalin ang mga operasyong militar;

(d) Pagsalakay laban sa kanilang mga kampo o' pamayanan; at

(e) Paggamit ng mga mina.

-Simulain 11-

1. Ang bawat tao'y may karapatan sa karangalan at sa kabutihan ng katawan, pag-iisip at moralidad.

2. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa, maging ang kanilang kalayaan ay napipigilan o hindi, ay dapat pangalagaan, lalo na laban sa:

(a) Paggahasa, mutilasyon, pahirap, malupit o di-makatao o mapanlait na pakikitungo o' parusa, at iba pang pananakit sa pansariling karangalan, tulad ng mga gawa ng karahasang natatangi sa isang kasarian, sapilitang prostitusyon; at anumang anyo ng malaswang pagtuligsa;

(b) Ang pang-aalipin o anumang kasalukuyang anyo ng pang-aalipin, tulad ng pagpapasawa nang may kabayaran, sekswal na pagsasamantala, o sapilitang paggawa ng mga bata; at

(c) Mga gawa ng karahasang naglalayong ikalat ang takot sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa.

Ang mga pagbabanta at pag-uudyok na gumawa ng anumang nabanggit na mga gawa ay ipinagbabawal.

-Simulain 12-

1. Ang bawat tao ay may karapatan sa kalayaan at kaligtasan ng katauhan. Walang sinuman ang dapat ipailalim sa walang-katwirang paghuli o pagpiit.

2. Upang bigyang bisa ang karapatanng ito para sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa, sila ay hindi dapat ipasok o pigilin sa isang kampo. Kung sa matinding kalagayang lubos ang pangangailangan ng ganitong pagpasok o pagpigil, ito ay hindi dapat tumagal nang higit sa hinihingi ng pagkakataon.

3. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat pangalagaan laban sa mapamiling paghuli at pagpiit bilang bunga ng kanilang paglikas.

4. Sa anumang pagkakataon, ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay hindi dapat gawing bihag.

-Simulain 13-

1. Anumang pagkakataon ang mga batang lumikas ay hindi dapat kalapin o atasan o pahintulutang lumahok sa mga labanan.

2. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat pangalagaan laban sa mapamiling gawi ng pagpapasapi para sa alinmang armadong puwersa o pangkat bunga ng kanilang paglikas. Sa partikular, anumang malupitl, di-makatao, o nakakapahiyang mga gawi na namimilit ng

pagsunod o' nagpaparusa sa hindi-pagsunod sa pagpapasapi ay ibinabawal sa lahat ng pagkakataon.

-Simulain 14-

1. Ang bawat lumikas na tao sa loob ng bansa ay may karapatan sa kalayaan ng pagkilos at kalayaang pumili ng kanyang tirahan.
2. Sa partikular, ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay may karapatang kumilos nang malaya sa loob at labas ng mga kampo o ibang pamayanan.

-Simulain 15-

Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay may:

- (a) Karapatang humanap ng kaligtasan sa ibang bahagi ng bansa;
- (b) Karapatang umalis ng bansa;
- (c) Karapatang humanap ng pagkukop sa ibang bansa; at
- (d) Karapatang maipagsanggalang laban sa sapilitang pagbalik sa o' paglipat ng pamayanan sa alin mang lugar kung saan ang kanilang buhay, kaligtasan, kalayaan at o' kalusugan ay nalalagay sa panganib.

-Simulain 16-

1. Lahat ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay mayroong karapatang malaman ang kalagayan at kinaroroonan ng mga nawawalang kamag-anak.
2. Ang kinauukulang mga awtoridad ay dapat tiyakin ang kalagayan at kinaroroonan ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa na iniulat na nawawala at makipag-ugnayan sa mga pandaigdig na organisasyong sangkot sa ganitong gawain. Dapat nilang ipaalam sa pinakamalapit na kamag-anak ang pagsulong ng pagsisiyasat at abisuhan sila sa anumang resulta.
3. Ang kinauukulang mga awtoridad ay dapat sikaping kalapin at kilalanin ang mga labi ng mga namatay, iwasan ang kanilang pagkabulok at pagkakahiwalay at pabilisin ang pagbalik ng mga labi sa pinakamalapit na kamag-anak o' bigyan sila ng marangal na libing.
4. Ang mga libingan ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat pangalagaan at igalang sa lahat ng pagkakataon. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat mayroong karapatan sa pagpasok sa mga libingan ng namatay nilang kamag-anak.

Simulain 17-

1. Ang bawat tao ay may karapatang tumanggap ng paggalang para sa kanilang buhay-pampamilya.
2. Upang bigyan ng bisa ang ganitong karapatan ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa, ang bawat kasapi ng pamilya na nais manatiling magkakasama ay dapat pahintulutan.

3. Ang mga pamilya na napaghiwalay ng paglikas ay dapat muling magkasama sa lalong madaling panahon. Lahat ng mga nararapat na hakbang ay dapat gawin para mapabilis ang pagkikita ng mga pamilya, lalo na kung sangkot ang mga bata. Ang mga may pananagutang awtoridad ay dapat kagyat na tugunan ang mga katanungan ng mga kasapi ng pamilya at makipagtulungan sa mga gawain ng mga organisasyong makatao na sangkot sa gawain ng pagbabalik ng pamilya.

4. Ang mga kasapi ng mga lumikas na pamilya na kung saan ang pansariling kalayaan ay nahahadlangan ng pagpasok o pagpigil sa mga kampo ay dapat magkaroon ng karapatan na manatiling magkakasama.

-Simulain 18-

1. Lahat ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay may karapatan sa isang sapat na pamantayan ng pamumuhay.

2. Sa pinakamababa, anuman ang mga kalagayan, at nang walang pagtatangi, ang mga may kakayanang awtoridad ay dapat maglaan sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa ng, at tiyakin ang ligtas na pagtamasa sa:

- (a) Pangunahing pagkain at maiinom na tubig;
- (b) Pangunahing silungan at pabahay;
- (c) Angkop na kasuotan; at
- (d) Pangunahing medikal na paglilingkod at kalinisan.

3. Mga natatanging pagsisikap ang dapat gawin upang matiyak ang buong paglahok ng kababaihan sa pagplano at pamamahagi ng ganitong mga batayang pangangailangan.

-Simulain 19-

1. Lahat ng sugatan at may sakit na mga lumikas na tao sa loob ng bansa ganun din ang mga may kapansanan, hanggat maaari, ay dapat tumanggap ng lubusan nang may kaunting, pagkabalam, ng pangangalagang pangmedisina at kinakailangang pansin, nang walang pagtatangi sa anumang mga katuwiran liban sa medikal na usapin. Kung kinakailangan, ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat magkaroon ng ugnay sa sikolohikal at mga panlipunang paglilingkod.

2. Dapat bigyan ng mga tanging pansin ang pangangailangang pangkalusugan ng mga kababaihan, kasama na ang pag-ugnay sa mga nagbibigay kalinga sa kalusugan ng kababaihan at mga paglilingkod, tulad ng pangangalagang pangkalusugan kaugnay sa panganganak, ganun din ang angkop na pagpapayo sa mga biktima ng sekswal na abuso at iba pa.

3. Natatanging pansin ang dapat ibigay sa pagpigil ng nakakahawang mga sakit, kasama ang AIDS sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa.

-Simulain 20-

1. Ang bawat tao ay may karapatang kilalanin saanman bilang tao sa harap ng batas.

2. Upang bigyang bisa ang ganitong karapatan para sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa, ang mga kinauukulang awtoridad ay dapat magbigay sa kanila ng lahat ng kinakailangang papeles para sa pagtatamasa at paggampan ng kanilang mga legal na karapatan, tulad ng mga pasaporte, mga pansariling pagkakakilanlang papeles, mga katibayan ng kapanganakan at kasal. Sa partikular, ang mga awtoridad ay dapat pabilisin ang pagbibigay ng mga bagong papeles o' ang pagpapalit ng mga papeles na nawala sa panahon ng paglikas nang walang ipinapataw na di-makatuwirang mga kondisyon, tulad ng pag-aatas na bumalik sa kanilang lugar ng palagiang tirahan upang makuha ang mga ito o' iba pang mga kinakailangang papeles.

3. Ang mga babae at lalaki ay dapat may pantay na mga karapatan upang makuha ang mga kinakailangang papeles at dapat na may karapatan na magkaroon ng ganitong papeles na ibinigay sa kanilang sariling pangalan.

-Simulain 21-

1. Walang sinuman ang maaaring di-makatuwiranang pagkaitan ng ari-arian at mga yaman.
2. Ang mga ari-arian at mga yaman ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat pangalagaan sa lahat ng pagkakataon, lalo na, laban sa mga sumusunod na mga gawi:
 - (a) Pandarambong;
 - (b) Tuwiran o walang piling mga salakay o ibang mga marahas na gawa;
 - (c) Paggamit upang ikubli ang mga operasyong militar o layunin;
 - (d) Paggamit upang maging puntirya ng pagganti at
 - (e) Pagsira o paghahati-hati bilang isang anyo ng sama-samang pagpaparusa.
3. Ang mga ari-arian at yaman na naiwan ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat pangalagaan laban sa pagsira at di-makatwiran at labag sa batas na pagkuha, pag-tira o paggamit.

-Simulain 22-

1. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa, sila man ay naninirahan sa loob ng mga kampo o hindi, ay hindi dapat ibukod bilang bunga ng kanilang paglikas sa pagtatamasa ng sumusunod na mga karapatan:
 - (a) Ang mga karapatan sa kalayaan sa pag-iisip, budhi, relihiyon o paniniwala, kuro-kuro at pagpapahayag;
 - (b) Ang mga karapatang malayang humanap ng mga pagkakataon para sa hanapbuhay at lumahok sa mga pangkabuhayang gawain;
 - (c) Ang karapatang makisali ng malaya at parehas na makilahok sa mga gawaing pang-pamayanan;
 - (d) Ang karapatang bumoto at lumahok sa pampamahalaan at pambayang gawain, kabilang ang karapatan na magkaroon ng ugnay sa mga kinakailangang pamamaraan sa pagpapatupad ng ganitong karapatan; at
 - (e) Ang karapatang makipagtalastasan sa isang wikang kanilang nauunawaan.

-Simulain 23-

1. Ang bawat tao ay may karapatan sa edukasyon.
2. Upang bigyang bisa ang ganitong karapatan para sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa, ang mga kinauukulang awtoridad ay dapat tiyakin na ang mga tao, lalo na ang mga lumikas na bata, ay makatanggap ng libre at kinakailangang pag-aaral sa mababang antas. Ang edukasyon ay dapat igalang ang kanilang kalinangan, wika at paniniwala.
3. Natatanging pagsisikap ang dapat gawin upang tiyakin ang lubos at pantay na paglahok ng mga matanda at batang babae sa kanilang mga programang pang-edukasyon.
4. Ang mga pasilidad sa edukasyon at pagsasanay ay dapat gawing nakahanda para sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa, lalo na sa mga nagdadalaga at nagbibinata at kababaihan, naninirahan man sa mga kampo o hindi, hangga't ipinahihintulot ng kalagayan.

**SEKSYON 4 – MGA SIMULAIN KAUGNAY SA
MAKATAONG TULONG**

-Simulain 24-

1. Lahat ng makataong tulong ay dapat isagawa ayon sa mga simulaing makatao at pagkakapantay-pantay at walang pagtatangi.
2. Ang makataong tulong sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay hindi dapat ilihis, lalo na, para sa mga dahilang pulitika o militar.

-Simulain 25-

1. Nakasalalay sa mga pambansang awtoridad ang pangunahing tungkulin at responsibilidad ng paglalaan ng makataong tulong sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa.
2. Ang mga pandaigdig na makataong organisasyon at iba pang karapatdapat na mga tagagampan ay mayroong karapatang ibigay ang kanilang mga paglilingkod para sa suporta ng mga lumikas sa loob ng bansa. Ang ganitong pagbibigay ay hindi dapat tingnan bilang isang mapang-away na gawa o' isang panghihimasok sa panloob na mga usapin ng isang Estado at dapat tanggapin na isang magandang pakay. Ang pagsang-ayon dito ay dapat na hindi makatuwiranang pigilin, lalo na kung ang mga kinauukulang awtoridad ay walang kakayahan o ayaw magbigay ng kinakailangang tulong na makatao.
3. Lahat ng kinauukulang awtoridad ay dapat magbigay at magpabilis sa malayang pagpasok ng makataong tulong at bigyan ang mga taong kalahok sa paglalaan ng ganitong tulong ng isang madali at walang sagabal na ugnay sa mga lumikas sa loob ng bansa.

-Simulain 26-

Ang mga taong kalahok sa pagbibigay ng makataong tulong, ang paglalakbay nila at ang mga rasyon ay dapat igalang at pangalagaan. Hindi sila dapat maging puntirya ng pagsalakay o' ibang gawang karahasan.

-Simulain 27-

1. Ang mga pandaigdig na makataong organisasyon at ibang mga karapatdapat na taga-gampan, kung nagbibigay ng tulong ay dapat magbigay ng nauukol na pagkilala sa mga pangangailangan ng pangangalaga at mga karapatang pantao ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa at gumawa ng angkop na mga pamamaraan kaugnay nito. Sa pagsasagawa nito, ang mga organisasyon at tagagampan na ito ay dapat igalang ang mga napapanahong pandaigdig na pamantayan at mga sistema ng pag-uugali.
2. Ang nakaraang talata ay walang paghusga sa mga responsibilidad ng pangangalaga ng mga pandaigdig na organisasyong inatasan para sa ganitong layunin, na ang kanilang mga paglilingkod ay maaaring ibigay o' ipakiusap ng mga Estado.

SEKSYON 5 – MGA SIMULAIN KAUGNAY SA PAGBALIK, PAGLIPAT NG PAMAYANAN, AT PAKIKISALAMUHA

-Simulain 28-

1. Ang mga may kakayanang awtoridad ay may pangunahing tungkulin at responsibilidad na ilatag ang mga kalagayan, ganun din ang paglalaan ng mga pamamaraan, na magpapahintulot sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa na makabalik nang kusang loob, nang ligtas at may karangalan, sa kanilang mga tahanan o' lugar ng palagiang tirahan, o' lumipat ng kusang loob sa ibang bahagi ng bansa. Ang mga awtoridad na ito ay dapat magsikap pabilisin ang pakikisalamuha ng mga nagsibalik o' nalipat na mga lumikas na tao sa loob ng bansa.
2. Mga natatanging pagsisikap ang dapat gawin upang matiyak ang lubos na paglahok ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa sa pagplano at pamamahala ng kanilang pagbalik o' paglipat at pakikisalamuha.

-Simulain 29-

1. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa na nakabalik sa kanilang mga tahanan o' lugar ng palagiang tirahan o' lumipat sa ibang bahagi ng bansa ay hindi dapat itangi dahil sa kanilang pagiging likas. Sila ay may karapatang lumahok nang lubos at pantay sa mga pambayang gawain sa lahat ng mga antas at may pantay na ugnay sa mga pambayang paglilingkod.
2. Ang may kakayanang awtoridad ay may tungkulin at responsibilidad na tulungan ang nagsibalik at, o' nagsilipat na mga lumikas na tao sa loob ng bansa upang maibalik, sa higit na makakayanan, ang kanilang ari-arian at yaman na naiwan nila o' inalis sa kanila nang sila ay nagsilikas. Kung ang pagbawi ng ganitong ari-arian at yaman ay hindi maaari, ang mga may kakayanang awtoridad ay dapat maglaan o' tumulong sa ganitong mga tao sa pagkuha ng nararapat na kabayaran o' ibang anyo ng makatwirang bayad-pinsala.

-Simulain 30-

Lahat ng kinauukulang awtoridad ay dapat magbigay at tumulong para sa mga pandaigdig na makataong organisasyon at ibang karapat-dapat na taga-gampan, sa pagsasagawa ng kani-kaniyang mga atas, ng isang madali at walang sagabal na ugnay sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa para sa paggabay sa kanilang pagbabalik o' paglipat at pakikisalamuha.

Isinalin sa wikang Filipino ni:

Pepito D. Frias

Nag-edit:

Lourdes F. Go-Zurbano

Chariza T. Medina-Salgado

Ecumenical Commission for Displaced Families and Communities (ECDFC)